



Magbigay na Ngayon ng Aplikasyon para sa Paaralang Taong 2015-2016

Ang San Diego Unified School District's (SDUSD) Extended Learning Opportunities Department (ELO) ang nangangasiwa ng PrimeTime Extended Day Program (PrimeTime) sa mga mag-aaral ng paaralang elementary at middle. Ang PrimeTime ay libre para sa lahat ng kasaling pamilya at isinasagawa ang programa bago at/o pagkatapos ng klase sa bawat araw ng pagpasok. Ang mga mag-aaral ay inaasahang papasok sa programa araw-araw sa buong oras na iniaaalo. Panatag ang kalooban ng mga magulang/ tagapag-alaga sa kanilang kaalamang ang kanilang (mga) anak ay hindi lamang tumatanggap ng tulong sa pag-aaral, kung hindi nakikisalamuha rin sa kanilang mga kababata sa isang masaya at mapagmahal na ligtas na kapaligiran. Ang koponang PrimeTime ay isang pagtutulungan ng mga kawaning ELO, mga samahang PrimeTime Partner, at ibang mga sangay ng SDUSD, mga programa at mga tao. Pinanatili ng PrimeTime ang bilang ng isang mag-aaral sa kawani na 15:1 sa elementarya at paaralang TK-8, at 20:1 sa mga gitnang paaralan.

PAGIGING KARAPATDAPAT

Ang inyong (mga) anak ay dapat na pumapasok sa paaralang inyong nais pasukan sa mga karaniwang araw ng pagpasok upang makasali sa PrimeTime ng paaralan. **Lahat ng pamilyang may mga anak sa elementarya, gitnang paaralan, o mga paaralang K-8 (kabilang ang lumilipat na kindergarten) na nais sumali sa PrimeTime sa paaralang taong 2015-2016 ay dapat magbigay ng nakalakip na aplikasyon.**

Kabilang dito:

- Ang mga batang kasalukuyang kasali sa PrimeTime.
- Ang mga batang nasa listahan ng naghihintay.

APLIKASYON

Maaaring gamitin ang isang aplikasyon para sa lahat ng anak ng isang pamilyang pumapasok sa paaralang nais pasukang nakalista sa bilang #1 sa aplikasyon. Kung kayo ay may mga anak na pumapasok sa mahigit na isang paaralan, hiwalay na aplikasyon ang dapat gamitin para sa bawat paaralan. Ang aplikasyon ay makukuha sa websayt na www.sandi.net/PrimeTime at sa paaralan. Makukuha rin sa websayt ng distrito ang aplikasyon sa iba't-ibang wika.

PROSESO NG APLIKASYON

Ang bilang #1 hanggang #8 ng aplikasyon ay dapat mapunan nang malinaw at walang patlang at ipadala sa koryo sa PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod sa paaralan ng inyong (mga) anak. Ang lahat ng ibinigay na kaalaman sa aplikasyon ay gagawan ng pagsisiyasat. Ang pagsisinungaling o hindi pagsagot sa anumang kaalaman ay hindi makakasali na makatanggap sa paglilingkod ng PrimeTime. Ang mga aplikasyong hindi tapos ay ibabalik sa mga magulang/tagapag-alaga at ang tatak sa koryo ay mababalewala; ang bagong petsa ng muling pagkatanggap ang gagamitin sa pangunguna kapag ito ay ibinigay ulit nang tapos.

Ang pagbigay ng aplikasyon ay walang katiyakang makakasali sa PrimeTime. Inaasahang hihigit ang bilang ng mangangailangan ng paglilingkod ng PrimeTime sa karamihan ng paaralan; kung kaya't, kailangang ang aplikasyon ay tapos at ipadala sa tamang palugit ng pagbigay.

UNANG PALUGIT NG APLIKASYON—MARSO 2-MAYO 1, 2015

Ang mga aplikasyon ay dapat ipadala sa koryo sa PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod sa paaralan ng inyong (mga) anak, may markang pagitan ng **Marso 2, 2015 at Mayo 1, 2015**, upang makasali sa unang proseso ng pagrerepaso at pagtanggap. Ang mga aplikasyong ipinadala sa fax, email, at iniabot ay **hindi** tatanggapin.

HUWAG MAGBIGAY NG APLIKASYON BAGO MARSO 2, 2015

Ang mga aplikasyong namarkahan bago **Marso 2, 2015** ay ituturing na mamarkahan ng **Mayo 1, 2015**.

MGA APLIKASYONG IBINIGAY PAGKARAAN NG MAYO 1, 2015

Ang mag aplikasyong namarkahan pagkaraan ng **Mayo 1, 2015**, ay pagbabatayan ang petsa ng pangunguna, kung mayroong lugar, batay sa sistemang nakatala sa susunod na pahina.

SISTEMA SA PAGLAGAY NG LUGAR NG APLIKASYON

Ang PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod sa baw't paaralan ay rerepasuhin ang lahat ng tapos na aplikasyon na may petsang palugit sa unang pagbigay ng aplikasyon. Ang mga bata ay tatanggaping makasali batay sa sistemang pagbigay ng pangunguna sa pagsali na nakalahad sa ibaba, hanggang sa mapuno ang programa sa baw't paaralan. Kapag napuno na ang PrimeTime, ang mga batang hindi nakasali ay ilalagay sa listahan ng naghihintay, sa parehong pagkakahayan ng pangunguna, at tatanggapin kapag nagkaroon ng lugar.

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring mamili na ang kanilang (mga) anak ay pumasok sa alinmang programang bago at/o pagkatapos ng klase. Ang pagpili lamang sa programang bago ang klase o pagkatapos ng klase ay hindi mababago ang hanay ng aplikasyon.

Ang baw't aplikasyon ay ihanayan ng pangunguna sa paggamit the sumusunod na sistema:

(Mga) batang kasalukuyang sumasali sa PrimeTime ng paaralang taong 2014-2015. O	1 puntos
(Mga) batang nasa listahan ng naghihintay sa PrimeTime hanggang Marso2, 2015. O	1 puntos
Nag-iisang magulang sa pamilya. O	1 puntos
Mga pamilyang may isang magulang/tagapag-alagang kasalukuyang nasa pamahalaang militar at nakalayag (kopya ng papel ng pag-uutos ay kailangan).	
Parehong magulang/tagapag-alagang kabahay ang (mga) anak ay nagtatrabaho maghapon (40 oras baw't linggo) at/o maghapon pumapasok sa paaralan (hindi bababang 12 yunits).	1 puntos
(Mga) batang isinangguni ng tulong sa pag-aaral ng Distrito, batay sa Standards Based Report Card sa antas na elementarya at marka sa mga aralin sa gitnang antas.	1 puntos
	Posibleng Kabuuang Puntos
	4 puntos

LISTAHAN NG PANGUNGUNA

Ang pangunguna sa pagsali ay ibibigay sa mga aplikasyong nahanay na may 4 puntos at ang huli ay ibibigay sa mga aplikasyong nahanay na may 0 puntos. Sa dalawa o higit na aplikasyong may magkaparehong puntos, ibabatay ang pagpili sa petsa ng pagkatanggap ng tapos na aplikasyon. Sa pangunguna sa pagpasok, ang pamalakad sa pagpasok sa ibaba ay mahigpit na ipatutupad.

PAGBIBIGAY-ALAM SA KALAGAYAN NG APLIKASYON

Ang mga magulang/tagapag-alagang nakatapos at naisumite ang aplikasyon sa loob ng unang palugit ng pagbigay ay bibigyang-alam sa kalagayan ng kanilang aplikasyon ng hindi lalampas sa Hunyo 26, 2015. Ang sulat ay magbibigay-alam sa mga pamilya kung ang kanilang (mga) anak ay natanggap na sumali, nailagay sa listahan ng maghihintay, o hindi karapatdapat sa programang bago at/o pagkatapos ng klase ng 2015-2016 PrimeTime Program. Ang pagkatanggap sa programang bago ang klase ay hindi katiyakang natanggap sa programang pagkatapos ng klase at ang pagkatanggap sa programang pagkatapos ng klase ay hindi katiyakang natanggap sa programang bago ang klase.

MGA MAG-AARAL NA NATANGGAP

Kapag nakatanggap ng sulat, ang 2015-2016 PrimeTime Student Participation Forms ay dapat tapusin bago makapagsimula ang inyong (mga) anak sa programa. Ang mga mag-aaral na hindi nakatapos ng 2015-2016 Student Participation Forms ay maaaring hindi makasali sa PrimeTime. Ang PrimeTime Partner ay magbibigay ng kaalaman tungkol sa 2015-2016 Student Participation Forms.

PAMALAKAD SA PAGPASOK

Sang-ayon sa California Education Code, ang mga mag-aaral ay inaasahang pumasok araw-araw sa programa ng kabuuang oras na iniaalok. Ang mga mag-aaral na hindi papasok araw-araw sa hindi kukulanging 50% na oras ng programang iniaalok ay maaaring mapatalsik; ang pangunguna ay ibibigay sa mga mag-aaral na papasok sa programa araw-araw.

KARAGDAGANG KAALAMAN

Sa karagdagan kaalaman tungkol sa programang PrimeTime sa paaralan ng inyong (mga) anak, tawagan ang PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod; ang telepono ay matatagpuan sa websayt ng Distrito: www.sandi.net/PrimeTime. Sa mga katanungan tungkol sa pangasiwaan ng programa, tawagan ang ELO sa (858) 503-1870.



2015-2016 APLIKASYON

Ang aplikasyong ito ay dapat maibigay sa PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod sa paaralan ng inyong (mga) anak nang Mayo 1, 2015, sa koryo lamang ipadala upang makasali sa unang palugit.

Ipadala sa:

YMCA of San Diego County
Attn: PrimeTime
3708 Ruffin Road
San Diego, CA 92123
(858) 863-3633

Upang mapadalan ng katiyakang natanggap ang inyong aplikasyon, magkaloob ng sobrang may selyong nakasulat ang tirahan kasama ng aplikasyon.

Pakiusap na MALIWANAG NA IPRINTA at tapusin ang bilang 1-8. KAPAG ANG ALINMAN AY HINDI NATAPOS, ANG INYONG APLIKASYON AY IBABALIK. Ang aplikasyong ito ay magagamit sa lahat ng anak ng isang pamilyang pumapasok sa iisang paaralan. Kapag kayo ay may mga anak na pumapasok sa higit na isang paaralan, hiwalay na aplikasyon ang dapat gamitin sa bawat paaralan.

1 2015-2016 Pangalan ng Paaralan _____

2 KAALAMAN TUNGKOL SA (MGA) ANAK

	Totoong Apelyido	Totoong Unang Pangalan	Petsa ng Kapanganakan	2014-2015 Pangalan ng Paaralan	Baitang	2015-2016 Baitang
Anak #1						
Anak #2						
Anak #3						

3 Markahan lamang ang paglilingkod na kailangan (ang pangunguna ay hindi ibibigay sa mga pamilyang nangangailangan ng parehong programang bago at pagkatapos ng klase):

Bago ang klase: Ang mga programa ay nakalaan sa halos, subali't hindi lahat ng paaralan; ang oras ng pagpasok ay magkakaiba. Tanungin ang PrimeTime Partner sa paaralan ng inyong (mga) anak upang matiyak na ang programang bago ang klase ay iniaalok.

Pagkatapos ng Klase: Ang mga programa ay sinisimulan paglabas ng klase hanggang halos 6:00 NH araw-araw at 15 oras baba't linggo.

4 Ano ang kalagayan ng inyong (mga) anak sa PrimeTime ng 2014-2015 ng Marso 1, 2015?

Sumasali sa PrimeTime Nasa listahan ng naghihintay ng PrimeTime Walang Kinalaman

5 a) Ikaw ba ay nag-iisang magulang ng pamilya? Oo Hindi
b) Isa ba sa magulang/tagapag-alaga ay nakalayag sa militar ng pamahalaan (isama dito ang kopya ng kautusan)? Oo Hindi

6 Ang parehong magulang/tagapag-alaga o nag-iisang magulang na kabahay ng (mga) anak ay maghapon ng nagtatrabaho (40 oras sa isang linggo) at/o maghapon ng nag-aaral (12 yunit baba't semestre)? Oo Hindi

Kung oo ang kasagutan ng nasa itaas, sagutin ang nasa ibaba. Ang baba't sagot ay gagawan ng pagsisiyasat.

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga	*Pinagtatrabahuhan o Paaralan ng Magulang/Tagapag-alaga	# Telepono ng Pinagtatrabahuhan o # Telepono ng Paaralan at # ID ng Mag-aaral

*Kung nagtatrabaho ng sarili, magbigay ng kopya ng Business Tax Certificate Number, Federal ID Number, Business License Number, o 2014 IRS 1099 Form.

7 Kaalaman Tungkol sa Magulang/Tagapag-alaga (ang gumagawa nitong aplikasyon):

Apelyido	Unang Pangalan		
Telepono sa Bahay ()	Telepono sa Trabaho ()	Selpon ()	
Tirahan	Siyudad	Sipkod	
E-mayl			

Pag-aaralan ng distrito: a) kung ang inyong (mga) anak ay tumatanggap ng isang puntos sa pagtanggap ng tulong sa mga aralin na malalaman batay sa Standards Based Report Card sa elementarya at marka sa mga aralin sa middle level.

8 Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga

Ang paglagda ko sa ibaba ay nangangahulugan na nabasa at naunawaan kong:

- Inaasahan ang kabuuang pagpasok araw-araw sa oras na iniaalok. Ang aking (mga) anak ay maaaring mapatalsik kung hindi pumasok ng kahit man lang 50% oras ng programa sa araw-araw.
- Ang madalas na pagliban ay makasasama sa pagsali ng aking (mga) anak sa PrimeTime.
- Ang pagsisinungaling o hindi pagsagot sa alinmang kaalamang hinihingi ay maaaring hindi mapasali ang aking (mga) anak na matanggap sa paglilingkod ng PrimeTime.
- Dahil limitado ang matatanggap, ang pagsumite ng aplikasyong ito ay walang katiyakang matatanggap ang aking (mga) anak sa PrimeTime.

Lagda ng Magulang/Tagapag-alagang gumagawa ng aplikasyon: _____ Petsa: _____